# Mga Bisita at mga karagdagang maninirahan

**Naiintindihan ng Mission Australia Housing na ang mga kabilang sa isang tahanan ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon at ang mga nangungupahan ay nanaising magkaraon ng karagdagang tao gaya ng maybahay o tagapag-alaga na makasama at makitira sa kanilang bahay sa loob ng maikli o mahabang panahon. Mayroong mga pagkakataon kung saan kinakailangan ng mga nangungupahan na makipag-ugnayan sa Mission Australia Housing (MAH) upang humingi ng pahintulot para sa mga karagdagang makikitira.**

## Mga bisita

**Ang bisita ay isang tao na naimbitahan ng nangungupahan na pansamantalang makitira sa isang ari-arian ng MAH sa hindi lalagpas ng 4 na linggo (28 araw). Ang mga nangungupahan ay hindi kinakailangang mag-abiso sa MAH kung ang kanilang bisita ay makikitira ng hindi aabot sa 28 araw.**

Tinuturing rin ng MAH na isang bisita ang mga kamag-anak, mga tagapag-alaga, mga anak o maybahay na nakikitira sa hindi lalagpas ng 3 gabi sa isang linggo at mayroong palagiang tinutuluyan sa ibang lugar.

Ang mga nangungupahan ay kinakailangang magbigay ng impormasyon tungkol sa mga madalas bumisita. Ang mga bisita ay hindi pagbabayarin ng upa kung mayroong maipapakitang ebidensya na sila ay may permanenteng tirahan sa ibang lugar.

## Mga karagdagang maninirahan

**Ang karagdagang maninirahan ay ang kahit sinong tao na nakikitira sa ari-arian ng MAH na hindi miyembro ng sambahayan na inaprubahan sa simula ng pangungupahan.**

Kung gusto ng nangungupahan ng ibang tao na makituloy at makitira sa kanilang bahay, kinakailangan humiling ang nangugupahan sa MAH ng pahintulot at magbigay ng detalye ng kinikita ng karagdagang maninirahan.

Kung hindi muna humingi ng pahintulot, ang mga nangungupahan ay ituturing nagpapatuloy ng hindi awtorisadong tao at lumalabag sa kasunduan ng pag-upa. Ang ibig sabihin ay anumang tulong sa upa na natatanggap ng nangungupahan ay maaring ikansela at ang halaga ng upa ay maaring pataasin ukol sa presyo ng upa sa merkado.

## Pag-aplay sa karagdagang maninirahan

**Ang mga nangungupahan ay kinakailangang ilagay ang lahat ng kanilang aplikasyon para sa karagdagang maninirahan sa isang kasulatan at magbigay ng panibagong detalye ng kinikita ng lahat ng**

**miyembro ng sambahayan kasama na ang karagdagang maninirahan.**

Kung mayroong aplikasyon para sa karagdagang maninirahan, ang nangungupahan at ang tao na nasa aplikasyon ay kinakailangang maintindihan ang mga sumusunod:

- Ang binabayran sa upa ay maaaring magbago kung may karagdagang maninirahan sa bahay
- Kung ang karagdagang mangunguphan ay maging dahilan ng pagsikip, dapat itong tanggapin ng mga nagungupahan
- Ang paghiling sa pagkakaroon ng karagdagang naninirahan ay hindi karaniwang dahilan upang humiling na makalipat sa mas malaking ari-arian. Kadalasan ay hindi inaaprubahan ng MAH ang mga hiling kung saan ang karagdagang maninirahan ay magiging sanhi ng matinding pagsikip sa kabahayan
- Kung ang karagdagang maninirahan ay isang dating nangungupahan, ang aplikasyon ay maaaring hindi aprubahan kung mayroong naging mga isyu ukol sa dating pangungupahan tulad ng hindi nababayarang utang o kung ang pangungupahan ay natapos dahil sa paglabag sa napagkasunduang tungkol sa pag-upa
- Kung ang kasalukuyang naninirahan ay may kahulihan sa pagbayad sa upa o mayroong utang bukod pa sa bayad sa upa, ang aplikasyon ay maaaring hindi aprubahan hanggang matapos ang pagkahuli sa bayad sa upa

## Hindi awtorisadong naninirahan

**Ang hindi awtorisadong naninirahan ay ang isang tao na nakikituloy sa ari-arian ng MAH sa higit sa pinahihintulutang 28 araw para sa mga bisita at hindi naaprubahan maging isang karagdagang naninirahan.**

Ang mga nangungupahan na nagpapatuloy ng hindi awtorisadong naninirahan ay maaaring gumagawa ng Rental Fraud sa pamamagitan ng hindi pagpapahayag ng kinikita ng lahat ng tao na nakikitira sa ari-arian at maaring ikansela ang kanilang rental rebate.

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa patakaran ng MAH sa mga bisita at karagdagang maninirahan, maaaring makipag-ugnayan sa inyong lokal na opisina ng MAH o tumawag sa 1800 269 672.**

## Contact us

**Mission Australia Housing**
580 George Street
Sydney NSW 2000

1800 269 672

missionaustralia.com.au



**Kung kailanga mo ng tulong sa ibang wika, mangyaring makipag-ugnay sa Translating and Interpreting Service (TIS) National sa 131450.**